# Anti-drug education center, itatayo sa QC

Upang maturuan ang mga kabataan na makaiwas sa epekto ng paggamit ng illegal drugs, plano ng Quezon City Council sa pamumuno ni QC Vice Mayor Joy Belmonte na magpatayo ng institusyong pang edukasyon kontra droga.

Ayon kay Belmonte, plano nilang magtatag ng QC Special Anti-Illegal Drug Education Center sa lungsod para sa kapakanan ng mamamayan na makaiwas sa paggamit ng bawal na gamot.

"What we want for all our children is for them to have a bright future. Through the right education, counseling, and values formation, we can help them have the strength to resist illegal drugs. This is something we want to help with at the local government level," sabi ni Belmonte.

Anya, ang hakbang ay bilang tugon sa pahayag ni PDEA Director-General Aaron Aquino na ang mga kasalukuyang pamamaraan upang turuan ang mga kabataan para makaiwas sa illegal drugs ay hindi sapat at lipas na sa panahon.

Ang anti-drug education center ang lilikha ng mga aralin na maaaring ipalaganap sa lahat ng antas sa mga pampubliko at pribadong paaralan sa lungsod kasama ang Department of Education (DepEd).

Magsasagawa rin ito ng mga makabagong information campaign at iba pang mga gawaing makakatulong sa pag-iwas sa paggamit ng mga ilegal na droga sa mga out-of-school youth, batang kalye, at pati na rin sa informal sector. *(Angie dela Cruz)*